

Anunsiyo tungkol sa COVID-19/Coronavirus

Salamat sa pagbisita ngayong araw. Tulad ng nalalaman mo, nakakaranas ang mundo ng lumalawak na paglaganap ng sakit sa baga (COVID-19) na dulot ng bagong coronavirus.

- ❖ Sa pangkalahatan, lumalaganap ang virus mula sa isang tao patungo sa isa pang tao sa pamamagitan ng malapitang pakikisalamuha.
- ❖ Itinuturing na mataas ang panganib sa mga mas nakakatandang nasa wastong gulang at taong may mga umiiral na medikal na kondisyon.

Lubos naming sineseryoso ang aming tungkulin sa pagprotekta sa kalusugan ng aming mga residente.

Bago ka pumasok sa aming pasilidad, **buong-galang naming hinihiling na kumpirmahin ng lahat ng bisita na:**

- Kasalukuyan kang **walang** sakit.
- Hindi** ka naging malapit - sa loob ng huling 14 na araw - sa sinumang kasalukuyang may sakit na:
 - COVID-19
 - Anumang iba pang sakit sa baga
- Kung bumibisita ka sa isang residenteng hindi pa nababakunahan, 14 na araw na dapat ang lumipas mula noong huling dosis ng iyong serye ng pagpapabakuna
- Nauunawaan mong labag sa Proklamasyon ng Gobernador ang pagbisita ng bisitang hindi pa nababakunahan sa isang residenteng hindi pa nababakunahan na nasa loob ng pasilidad.

Gumagawa kami ng mga karagdagang hakbang para mapanatiling malinis ang aming pasilidad. Sa oras mo dito ngayon, **buong-galang naming hinihiling na:**

- Madalas mong linisan ang iyong mga kamay sa pamamagitan ng paglalagay ng hand sanitizer na alkohol ang pangunahing sangkap o paghuhugas gamit ang sabon at tubig.
- Magsuot ka ng face mask habang nasa loob ng pasilidad.
- Sundin mo ang mga patakaran ng pasilidad sa pagpigil at pagkontrol ng impeksiyon.
- Mangyaring makipag-ugnayan sa isang miyembro ng tauhan kung may mga katanungan o alalahanin ka.

Salamat!